Kayo ba ay tumatanggap ng pensiyon at nagtatrabaho?

We speak your language ☎ 13 1202

Are you receiving a pension and working? - **Filipino**

Upang malaman kung magkano ang pensiyon na maaari ninyong tanggapin, kailangan naming malaman kung nagbago ang inyong kalagayan sa buhay.

Tandaan na:

- Sabihin sa amin kung kayo o ang inyong kapartner ay nagsimula o tumigil sa pagtatrabaho
- Sabihin sa amin ang **kabuuan** ng inyong kinita. Ito ang halaga bago bawasan ng buwis at iba pang kabawasan
- Sabihin sa amin kung ang oras ng inyong pagtatrabaho ay nagbago
- Sabihin sa amin sa loob ng 14 araw kung ang inyong mga kita ay lumaki
- Sabihin sa amin kaagad kung ang inyong mga kinita ay bumaba. Maaari kayong bigyan ng dagdag na pensiyon
- Itanong sa inyong pinagtatrabahuhan kung magkano ang inyong kita sa bawat oras, kasama na ang halaga ng bayad na multa (penalty) at obertaym at anumang panggastos
- Bigyan kami ng kopya ng iyong tala ng kita, **at**
- Sabihin sa amin ang inyong mga kinita sa bawat pinagtrabahuhan, kung kayo o ang inyong kapartner ay labis sa isa ang pinagtatrabahuhan.

Kung hindi ninyo o ng inyong kapartner sasabihin sa amin ang pagbabago na kailangan, maaaring magbunga ito ng:

- pagpapatigil o pagkabalam ng inyong kabayaran, **at/o**
- sobrang kabayaran na maaaring hilinging ibalik ninyo, **at/o**
- karagdagang bayad sa pagbawi, sa ilang mga kaso.

Upang maka-usap ang Centrelink sa Filipino, tumawag sa **13 1202***.
Ang impormasyon sa inyong wika ay maaari ding makita sa website sa **www.centrelink.gov.au**

** Ang mga tawag sa numerong "13" mula sa pangkaraniwang serbisyo sa telepono ay maaarng gawin saan mang panig ng Australya nang hindi lalampas ang bayad sa tawag na lokal (ang mga tawag na babayaran ay maaaring mag-kakaiba depende sa nagbibigay ng serbisyo sa telepono). Ang mga tawag sa numerong "1800" ay libre. Ang mga tawag sa mga teleponong pampubliko at mobil ay maaaring mas mataas ang bayad.*

Australian Government
Centrelink
giving you options

MCCO252FIL.0608 (page 1 of 1)